

makapasok ang lason sa katawan nito. Lalong huwag ng mag-ispray kung tulog na ang uod. (Di epektibo ang kemikal dahil makapal ang kanilang balat kapag tulog at sa lupa sila natutulog).

Gumamit ng pamatay pesteng rekomendado sa tanim na iisprayan. Sundin ang label ng lason, huwag dagdagan o bawasan ang dami ng lason (dosage) na gagamitin. Dahil kung lalabnawan ang dosage baka hindi makamatay sa peste at kung dadagdagan naman ang dosage, magiging delikado ito sa mag-iispray at sa mga kaibigang kulisap.

Gumamit ng lason na hindi nakakamatay sa mga kaibigang kulisap kundi sa peste lamang (green label).

7. Palagiang pag-bisita (monitoring) sa mga taniman upang malaman ang dami ng populasyon ng peste at sira nito upang mabigyang solusyon ang paninira ng uod.

Tandaan: Para maging epektibo ang pagkontrol, gumamit ng iba't ibang paraan ng pamamahala (integrated pest management) at hindi lamang paggamit ng lason ang solusyon upang mapuksa ang pesteng ito. **HUWAG** paghaluin ang iba't ibang lason.

Babala: Bilang proteksyon sa nag-iispray ng lason, takpan ang ilong, magsuot ng mahabang manggas na damit at pantalon upang maiwasan na masinghot o malagyan ang balat ng kemikal na pamatay peste.

Mga nakakaapekto sa inog ng buhay ng insekto:

1. suplay ng pagkain
2. di maayos na klima/temperatura (unfavorable condition)
3. mababang populasyon ng kaibigang kulisap

Epektong dulot ng ulan matapos ang tag-tuyot sa inog ng buhay ng insekto

Kapag tag-tuyot, walang masyadong halaman na tumutubo kaya kakaunti din ang peste dahil sa kakaunting suplay ng pagkain. Kapag kaunti ang peste, kakaunti din ang kaibigang kulisap dahil nakadepende sila sa mga peste para mabuhay.

Kapag umulan, tutubo ang mga damo, at ito na din ang panahon ng taniman ng magsasaka. Sa ganitong pagkakataon dadami ang suplay ng pagkain kaya mabilis na dadami ang mga peste, dagdag pa na kakaunti ang kaibigang kulisap na maaaring kumontrol sa kanila.

Sa pagtaas ng kanilang populasyon, masisira ang mga pananim dahil sa pagkain ng mga uod. Kapag tumaas ang bilang mga peste, tatas na din ang bilang ng mga kaibigang kulisap na kokontrol sa mga peste dahil magkakaroon na sila ng pagkain. Ito ay nangyayari sa normal na kondisyon.

Pero dahil nakakaranas tayo ng tinatawag na climate change, aaraw at uulan, nagiging mas mabilis ang pagdami ng mga peste dahil nagiging maayos ang klima at temperature, hindi masyadong maiinit o malamig (favorable condition) na gustung-gusto ng mga peste. Kakaunti din ang kaibigang kulisap sapagkat namamatay sila sa malakas na pag-ulan dahil sa malilit sila at hindi sila makalipad upang humanap ng kanilang pagkain (host).

Ipinalimbag ng:



Regional Field Unit 4B

Regional Agriculture & Fisheries

Information Division

4th Flr. ATI Bldg., Elliptical Rd. Diliman, Q.C.

Tel. No. (02) 920-2044

darfu4b.da.gov.ph

Pinagkunan:

Department of Agriculture

REGIONAL CROP PROTECTION CENTER 4

Eco. Garden, Timugan, Los Baños, Laguna

Telefax No. (049) 536-1905

E-mail: da4_rcpc@yahoo.com

ARMYWORM (Harabas)



BLACK AW



TRUE AW



GRASS AW

ARMYWORM O HARABAS

Ang armyworm ay isang uri ng mapamin-salang kulisap na nanginginain LAMANG sa dahon ng palay, mais at pati na rin ibang kauri nito tulad ng tubo, sorghum, at mga damo. Tinawag itong armyworm sapagkat kung umatake sila ay dagsaan o pulutong. Lumalabas ang armyworm matapos ang mahabang tag-tuyot at susundan ito ng pag-ulan. May tatlong uri ng armyworm: ang Black Armyworm, Grass Armyworm at True armyworm, depende sa uri nito ang kulay ng uod. Ang armyworm ay nocturnal o umaatake kung gabi.

PINSALANG DULOT

Kinakain ng uod ng armyworm ang dahon ng inaatake nitong pananim. Nagsisimula itong kumain sa gilid ng dahon hanggang sa ang matira na lang ay ang ugat ng dahon (vein). Kung sobrang dami ang populasyon ng uod, maaari nitong ubusin ang dahon ng buong halaman. Kung hindi ito makokontrol kaya nitong kalubihin ang buong taniman.

INOG NG BUHAY

ITLOG

200-500 itlog ang kayang ilagak ng isang babaeng armyworm sa ilalim ng dahon; napipisa sa loob ng 3-5 na araw

UOD

Pinakamapaminsalang yugto sapagkat ito ang nanginginain sa mga dahon hanggang sa maubos ito; Depende sa uri ng armyworm ang tagal ng yugto ng uod nito:

BLACK AW - 13-15 araw

GRASS AW - 14-23 araw

TRUE AW - 14-25 araw

UOD-TULOG

Nananatili sa ilalim ng lupa sa loob ng 7-10 araw hanggang sa maging paruparo.

MAGULANG (PARUPARO)

Nangingitlog ang babaeng paruparo ng


200-500 itlog matapos makipagtalik; nakakapangitlog ng 3-5 beses sa buong buhay niya na umaabot ng 4-10 araw.



ITLOG



UOD



UOD-TULOG



MAGULANG (PARUPARO)

PARAAN NG PAMAMAHALA

1. Ugaliin ang pagtatabas ng mga damo na maaaring gawing pagkain ng uod ng armyworm at ang pag-aararo ng malalim bago magtanim upang mapaibabaw ang mga uod at uod tulog. Ang mga simpleng pamamahala gaya nito ay mahalaga sa pagpigil ng pagdami ng armyworm. Tandaan na mas mainam ang pag-iwas sa impestasyon kaysa sa pagpuksa nito.
2. Kolektahin ang itlog, uod, uod-tulog at durugin ito.
3. Pagpapabaha sa taniman upang mamatay at lumayas ang uod. Namamatay din dito ang uod-tulog.
4. Nakakatulong din ang mga kaibigang kulisap na umaatake sa itlog, uod at uod-tulog (parasitoids—maliit na insekto na umaatake sa peste). May mga umaatake din sa paruparo tulad ng gagamba (predator—malalaking insekto na umaatake sa peste).
5. Paghuli sa paruparo sa pamamagitan ng light trap upang maiwasan ang pagtatalik. Maaaring gamiting light trap ang gasera kung saan maaakit ang paruparo at maglagay ng palangganang may tubig kung saan mahuhulog at mamamatay ang mahuhuling paruparo.
6. Kung mataas ang populasyon ng uod, maaaring magbomba ng lason o pamatay peste. Gumamit ng contact insecticide. Siguraduhing tatamaan ng lason ang mga uod upang maging epektibo ito.

Mas mabuting mag-ispray sa bandang pahapon o paggabi kung kailan lumalabas ang mga uod upang manginain sa dahon. Mas mainam na isprayan ang maliliit o bata pang uod dahil manipis pa ang balat nito at madaling